



Filipino

Patnubay sa Pamumuhay sa Nagoya

名古屋生活ガイド

Ang guide book na ito ay inilathala upang makatulong sa maayos na pamumuhay ng mga bagong naninirahan sa lungsod ng Nagoya. Gamitin itong reperensiya para sa anumang katanungan o suliranin sa hinaharap. Maaaring makita ang Aklat-Patnubay ng Pamumuhay sa Nagoya mula sa website.



Pagsasangguni at Impormasyon sa Iba't Ibang Wika

Kapag may katanungan at suliranin sa pamumuhay sa bansang Hapon, huwag mag-atubiling tumawag at komunsulta.

TEL 052-581-0100

Nagoya International Center (NIC)

<https://www.nic-nagoya.or.jp>

Tingnan ang pahina 3

Sarado :Lunes

	Martes	Mierkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
E English	9:00 - 19:00					
P Portugues	10:00 - 12:00					
S Spanish	13:00 - 17:00					
C Chinese	13:00 - 17:00				10:00 - 12:00	13:00 - 17:00
K Korean			13:00		13:00 - 17:00	
F Filipino			17:00			
V Vietnamese	13:00					
N Wikang Nepali	17:00					
I Indonesian	13:00					
T Thai	17:00 (※)					13:00 (※)

※ Ang Wikang Indonesian ay tuwig ikauna at ikatlong Linggo ng Miyerkules at Linggo, ang wikang Thai ay tuwig ikalawa at ikaapat Linggo ng Miyerkules at Linggo.

Maghanap ng mga Japanese Language Class sa Nagoya City

Maaring maghanap dito ng Japanese Language Class kung saan masaya kang makapag-aral kasama ng mga lokal na mamamayan ng lugar.

nagoniho

website



Numero sa Emerhensiya

TEL 110 (Libre)

Mga insidente, aksidente sa trapiko, atbp.



TEL 119 (Libre)

Sunog, ambulansya (Biglang magkasakit, malalang sugat) at iba pa



Ospital kung saan nagagamit ang iba't ibang wika

TEL 050-5810-5884

Aichi Emergency Medical Information Center

English 中文 한국/조선어 Português Español

E

C

K

P

S

Automated Answering System at sa FAX

Aichi Medical Information Guide

website

Tingnan ang pahina 6 at 23


E C K P



 Mga Nilalaman	 Pahina 3 Nagoya International Center	 Pahina 4 Tirahan
 Pahina 6 Ospital, insurance, at Pensyon	 Pahina 7 Trabaho	 Pahina 8 Pagbubukod at Pagtatapon ng Resources at Basura
 Pahina 10 Iba't-ibang aplikasyon	 Pahina 13 Bata · Edukasyon	 Pahina 15 Matatanda · May Kapansanan
 Pahina 16 Transportasyon	 Pahina 18 Lindol, Pinsala Dahil sa Hangin at Baha	 Pahina 21 Impormasyon Ukol sa Opisina ng Lungsod

*Kung walang impormasyon hinggil sa partikular na wika, ang konsultasyon sa bawat tanggapan ay isasagawa sa wikang Nihongo lamang.

Tumawag lamang sa triphone (pag-uusap ng tatluhan sa telepono) ng Nagoya International Center kung kailangan ang tagapagsalin.




*May markang **Sarado** kapag araw ng pahinga ng tanggapan.

*Ang **pamplet** ay naka-post sa website ng Nagoya International Center



Nagoya International Center(NIC)

なごやこくさい
名古屋国際センター(NIC)



Ito ay lugar kung saan may probisyon ng impormasyon at pakikisalamuha para sa mga banyagang residente sa lungsod. Mayroong aktibidad kung saan magkakaroon ng inter-aksiyon ang mga banyaga at hapon at mayroon ring Nihongo Classroom. Huwag mag-atubiling sumangguni para sa mga katanungan o suliranin. (Tingnan ang unang pahina)



Bukas sa 9:00-19:00

052-581-0100

<https://www.nic-nagoya.or.jp>

NIC NAGOYA

website



Sarado : Lunes, Dec 29-Jan 3, at
Pangalawang Linggo ng Pebrero at Agosto

1-47-1 Nagono Nakamura Ward, 450-0001

Sa harap ng estasyong "International Center (Kokusai Center)" ng Subway Sakuradori Line



Kategorya ng konsultasyon

Libre ang konsultasyon. Kinakailangan ang appointment para sa mga hindi administratibong konsultasyon.
Tel 052-581-0100 LINE @513gyfyb

	Nagagamit na Wika	Araw at Oras ng Opisina
Konsultasyon hinggil sa serbisyong administratibo	E P S C K F V N I T	Mula Martes hanggang linggo 10:00~12:00, 13:00~17:00 Magkakaiba ang oras at araw ng opisina sa bawat wika.
Konsultasyon may "Gyoseishoshi" (administrative scrivener)	E P S C K F V N I T	Miyerkules at Linggo 13:00~17:00 Magkakaiba ang oras at araw ng opisina sa bawat wika.
Konsultasyon hinggil sa batas Mangyari lamang na gumawa ng reserbasyon mula sa website.	E P S C	Sabado 10:00-12:30
Konsultasyon hinggil sa aspetong sikolohikal	E P S C	Itatakda sa bawat pagsangguni.
Konsultasyon hinggil sa edukasyon	E P S C K F V N I T	Miyerkules, Biyernes at Linggo 10:00-17:00 Magkakaiba ang oras at araw ng opisina sa bawat wika.
Konsultasyon hinggil sa buwis	E P S C	Gaganapin mula Pebrero hanggang Marso.
Konsultasyon sa Nagoya Immigration Bureau	E P S C K F V N	Tuwing ika-4 na Sabado kada buwan 13:00~17:00

Bilang karagdagan, nagdaraos din ng mga programa tulad ng 「Gabay sa Karera Para sa Mga Banyagang Magulang at Mga Anak」. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng NIC.



Tirahan す 住まい



Pribadong Residente



Impormasyon	-Pangkaraniwang dadaan sa pamamagitan ng ahente ng Real Estate kapag naghahanap ng tirahan. -Ang mga impormasyon tungkol sa mga rental properties ay ipinagbibigay-alam rin sa Nagoya International Center. -Mayroon ding mga pinagtatrabahuhan o mga unibersidad na nagrerekomenda. -Sa 「Tanggapan ukol sa Tirahan」, ay maaaring mag-pareserba at kumonsulta sa 「Minkan Chintai Jyutaku Nyukyo Soudan」 TEL: 052-961-4555
Tagapanagot (Guarantor)	-Kung mangungupahan ng bahay, may pagkakataong maaaring hanapan ka ng Joint Guarantor o Emergency Contact Number
Gastusin	-Maaaring kailangang magbayad ng “garantiyang deposito (<i>shikikin</i>)”, “key money (<i>reikin</i>)”, agent charge, home insurance at iba pa. -Bukod sa renta sa bawat buwan, mayroong tinatawag na “kyouekihi” o service fee (ito ay para sa karagdagang gastusin sa kuryente at bayad sa paglilinis.)

Pampublikong Pabahay



Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
「Tanggapan ukol sa Tirahan」 ◆ Municipal Housing at Municipal Public Corporation Housing Tel: 052-228-1808 ◆ Prefectural Housing at Prefectural Public Corporation Housing Tel: 052-950-5231 Lugar: Oasis 21 Sa loob ng Bus Terminal	Oras ng Tanggapan: 10:00-19:00 Sarado :Huwebes, Pangalawa at Pang-apat na Miyerkules, at Disyembre 29 hanggang Enero 3 Mayroong Municipal Housing at Prefectural Housing. Lahat ng uri ng tirahan/pabahay ay may mga partikular na kinakailangan para sa paninirahan, tulad ng kita at komposisyon ng sambahayan. Ipinamamahagi rin ang mga aplikasyon sa titirahan sa municipal housing (pangkalahatang aplikasyon) sa mga ward office at branch. (4 na beses sa 1 taon: Mayo, Agosto, Nobyembre, Pebrero)

Tubig

Nagoya City Water

website



Kawanihan ng Patubig ng Lungsod ng Nagoya Customer Service Center Tel: 052-884-5959	Oras ng Tanggapan: 8:00-19:00 (Lunes-Biyernes) 8:00-17:15 (Sabado, Linggo at National Holiday)
---	---



Electricity • Gas

Sa oras na mag-aapply upang simulan ang pag gamit ng kuryente o gas, maaaring mag-apply alinman sa Electric Power o Gas Company.

Chubu Denryoku Miraizu

Chubu Denryoku Miraizu

website



Contract Reception Center Tel: 0120-921-691	Oras ng Tanggapan (Lunes~Biyernes) 9:00~19:00 (Sabado, Linggo, National Holidays) 9:00~17:00
--	---





Toho Gas

Toho Gas Pag-lilipat

website

Toho Gas Customer Service Center
Nakalaang Tatawagan Para sa Paglilipat
Tel.0120-015455

24 oras/365 araw

*Sa mga client na gumagamit ng IP Phone o client mula overseas ay tumawag po lamang sa 052-807-1550

Telepono

NTT WEST

website



NTT WEST
Information
Tel: 0120-064337



Oras ng Tanggapan: 9:00-17:00

Sarado :Sabado, Linggo, Pista Opisyal at Dec 29-Jan 3



Koreo

JP Post

website



Serbisyo sa Impormasyon Ukol sa
Koreo **E**

Tel: 0570-046-111



Oras ng Tanggapan (Lahat ng araw) 8:00 ~ 21:00

Kung nagbago ng tirahan at nag-sumite sa post office ng abiso sa pagbabago ng tirahan, ang mga koreo na ipinadadala sa dating tirahan ay ipadadala sa bagong address sa loob ng isang taon,mula sa araw ng pag-sumite ng abiso sa pagbabago ng tirahan.

Samahan ng Magkakapitbahay/ Samahan ng mga Residente (*Chonai-kai/ Jichi Kai*)

Ward Office

Hindi sapilitan ang pagsali sa samahang ito subali't lalawak ang pakikisalamuha sa mga kapitbahay kung makikisali kayo. Para maging miyembro ng asosasyon sa inyong komunidad, sumangguni sa *Kaicho* (leader o pinuno) ng *Chonai Kai* (Samahan ng Magkakapitbahay) o *Jichi Kai* (samahan ng mga Residente) ng inyong tinitirahan komunidad. Pakitanong sa inyong *kuyakusho* o *ward office* kung hindi ninyo kilala ang *Kaicho* (leader o pinuno) ng *Chonai Kai* (Samahan ng Magkakapitbahay) o *Jichi Kai* (Samahan ng mga Residente).



Hospital, insurance, at Pensyon

びょういん ほけん ねんきん
病院・保険・年金



Pagpapakilala ng mga ospital o institusyong may kinalaman sa pangagamot
(Ukol sa Holiday Emergency Clinic, Reference p.23)

Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Aichi Emergency Medical Information Center Automated Answering System at sa FAX E C K P S Tel: 050-5810-5884 sa wikang Hapon Tel: 052-263-1133	24 oras Aichi Medical Information Guide website E C K P

Pagpapakilala ng mga ospital na may doktor na marunong magsalita ng wika ng ibang bansa

Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Nagoya International Center E C K P S F V N I T Tel: 052-581-0100	Oras ng Tanggapan: 9:00-19:00 Magkakaiba ang oras ng opisina depende sa wika. Sarado : Lunes, Dec 29-Jan3, Pangalawang Linggo ng Pebrero at Agosto

Pagpapakilala ng mga ospital na may mga medikal na tagapag-salin sa ibang wika .

Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Aichi Medical Interpreter System Office Tel: 050-3816-7465 	Oras ng Tanggapan: 9:00-17:30 (Lunes-Biyernes) Aichi Medical Interpretation System website E C P S F V N ※Ang mga suportang wika ay maaaring mag-iba depende sa serbisyo Iba pang 5 wika

National Health Insurance o Pambansang Seguro


Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Ward Office o Branch ng Ward Office 	(Ang Makakasali) Ang taong nanirahan sa Japan ng higit 3 buwan, hindi kasapi sa medical insurance ng pinapasukang trabaho, edad 75 pababa. -Kailangang magbayad ng Insurance Fee base sa kinikitang halaga at iba pa. -Kung i-susumite ang iyong Insurance Card atbp. sa ospital, maaaring makatanggap ng pangangalagang medikal sa pamamagitan ng pagbabayad lamang ng isang bahagi ng mga gastusing medikal.

Pambansang Pensyon

Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Ward Office o Branch ng Ward Office	(Makakasali) Ang taong may sariling negosyo, mag-aaral, at iba pa na may edad na 20 hanggang 59. -Ang lahat ng kasapi ay kailangang magbayad ng magkaparehong hulog sa pensyon, mababa man o mataas man ang kanilang pasahod. -May sistema kung saan ang mga mag-aaral at ang mga nahihirapang bayaran ang hulog sa pensyon dahil sa mababang pasahod ay maaaring hindi kailangang magbayad ng buong halaga o ilang bahagi ng halaga sa pamamagitan ng aplikasyon. Ukol sa mga detalye, tingnan lamang ang pamplet na 『Sistema ng Pambansang Pension ng Bansang Hapon』 E C K P S F V N *May ibang wika tulad ng Indonesian, Thai, Burmese, Cambodian, Russian, Mongolian

Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Japan Pension Service Branch ng Japan Pension Service Tel: 0570-05-1165	Ang mga nakapaghulog ng kontribusyon nang mahigit 6 na buwan ay maaaring makakuha ng lump sum withdrawal refund kung maia-apply ito sa loob ng 2 taon mula sa paglabas ng bansang Japan. Ukol sa mga detalye, tingnan lamang ang pamplet na 『Sistema ng Pambansang Pension ng Bansang Hapon』 E C K P S F V N *May ibang wika tulad ng Indonesian, Thai, Burmese, Cambodian, Russian, Mongolian

// Nursing Care Insurance

Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Ward Office o Branch ng Ward Office 	Para sa mga naninirahan sa bansa nang mahigit pa sa 3 buwan, 40 taong gulang pataas. -Ang halaga ng dapat bayaran ay depende sa kinikita ng miyembro at kinakailangan itong bayaran. (Ang mga may edad na 40 hanggang 64 ay kailangang magbayad ng Insurance Fee kasama ang Medical Insurance.) -Maaaring makagamit ang mga miyembro ng serbisyong ito mula sa edad na 65 taong gulang pataas sa sandaling kailanganin na nila ang nursing care o suporta. (Maaari ring makagamit ang miyembro na may edad 40 taong gulang hanggang 64 taong gulang lamang kung sila ay may sakit mula sa 16 karamdaman na itinakda ng sistema.) -Bago tanggapin ang serbisyo, kailangan kayong suriin upang pagtibayin kung anong uring pag-aalaga ang kinakailangan. -Kailangang magbayad ng 10%, 20% o 30% ng halaga ng tatanggapinang serbisyo.



Trabaho

しごと
仕事



// Konsultasyon ukol sa Trabaho at Pagpapakilala ng Trabaho

Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Nagoya Employment Service Center for Foreigners E C P S F *1 Ukranian *2 Tel: 052-855-3770	Oras ng Tanggapan: (Lunes-Biyernes): 9:15-12:00 at 13:00-17:15 *1 F (Miyerkules hanggang Biyernes) *2 Ukranian (Miyerkules lamang) Nagoya Employment Foreigner website E C P S

// Konsultasyon para sa Manggagawa

Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Aichi Labour Bureau Advisor for Foreign Workers E P Tel: 052-972-0253	Oras ng Tanggapan: E : Martes at Huwebes 9:30-12:00 at 13:00-16:00 P : Martes-Biyernes 9:30-12:00 at 13:00-16:00 Aichi Labour Bureau website E
Nagoya West Labor Standards Inspection Foreign Workers Consultation Corner V Tel: 052-481-9533	Oras ng Tanggapan Huwebes 9:30-12:00, 13:00-16:00 



Pagbubukod at Pagtatapon ng Resources at Basura

しげん わ かた だ かた
資源・ごみの分け方・出し方



- Pagbukod-bukurin ang mga recyclable at basura ayon sa kategorya at ilagay sa itinakda at nakatalagang supot sa pagtapon.
- Ang mga recyclable at basura ay kailangang itapon nang hindi lalapas ng 8AM (7AM sa Naka-ku).
- Kinukolekta din ang basura sa araw ng National Holiday (maliban sa bakasyon sa pagtatapos ng taon at bagong taon).
- Nabibili ang nakatalagang supot sa pagtapon ng basura sa supermarket, convenience store at iba pa.
- Mayroong isinalin sa iba't-ibang wika na "Gabay sa pagbubukod ng mga recyclable at basura sa Nagoya" sa mga Ward Office at Environmental Works Office. **E C K P S F V N Urdu (Pakistan)**
- *Tingnan lamang ang detalye sa opisyal na website ng lungsod / apps sa pagbukod ng basura. ➡



さんあ〜る(3R)

for iPhone

for Android



Lugar na Paglalagyan	Kategorya ng pagbubukod	Mga pangunahing bagay (halimbawa)	Ilang beses	Nakatalagang supot
Bilang patakaran sa harap ng bahay	Basurang nasusunog	Basurang pagkain, bagay na gawa sa katad (leather) damo, maikling sanga, lampin (disposable diaper) bagay na gawa sa goma, damit o tela, tissue paper Mga bagay na gawa sa plastik (Metal at composite na produkto) *Ang lalampas sa 30cm na bagay ay tataguriang nasa kategorya ng "Malaking Basura".	2 beses sa 1 linggo	
	Bagay na mapanganib at madaling masunog	-mga uri ng lata ng spray *hindi kailangang butasan -disposable lighter solid fuel (nakalagay sa lata) -heated tobacco products / electronic cigarettes o e-cigarettes		
Basurang hindi nasusunog		-basag ng salamin o ceramic -payong -maliit na bagay na gawa sa metal *Ang lalampas sa 30cm na bagay ay tataguriang nasa kategorya ng "Malaking Basura".	1 beses sa 1 buwan	
Malaking basura (May bayad) ◆ Kinakailangang mag-apply muna ng maaga (hindi hihigit sa 7 araw bago ang petsa ng koleksyon)		Ang mga bagay na hihigit sa 30 cm. square Aplikasyon sa Telepono (Oversized Garbage Reception Center) Tel: 0120-758-530. Mula sa cellphone at iba pang lugar sa labas ng Aichi Tel: 052-950-2581		I-click ito kung mag-apply sa pamamagitan ng online
Uri ng Baterya		-dry cell battery -lithium battery -button type battery -compact rechargeable battery (kabilang ang mobile battery)		Ilagay ito sa colorless at transparent na supot na hindi itinalaga ng siyudad.
Plastic resources		【Plastik na lalagyan at packaging】 • Bote(bukod ang PET Bottle) • Tasa • Packs/lalagyan • Plastic bags/supot na plastik • Wrappers/Balot • Buffers/Styrofoam atbp. 【Mga produktong Plastik】 (limitado sa gawa lamang sa plastik) • Sipilyo • Timba • Hanger • Tupperware • Palanggana atbp. ※Ang mga bagay na mas malaki sa 30cm.square ay itinuturing na Oversized Garbage.	1 beses sa 1 linggo	

Kategorya ng pagbubukod	Mga pangunahing bagay (halimbawa)	Ilang beses	Nakatalagang supot
PET Bottle 	mga likidong nakalagay sa PET bottle gaya ng alak, cooking rice wine (<i>mirin</i>), toyo (<i>soy sauce</i>), pampalasa, suka at iba pa (kinokolekta rin sa supermarket, cityhall at iba pa) *Tanggalin lamang ang takip / label. *Ilagay lamang sa nakatalagang supot (recyclable na materyal) at dalhin ito sa lugar na paglalagyan ng mga ito sa inyong lokal.	1 beses sa 1 linggo	 ★
Boteng walang laman	Boteng walang laman para sa inumin, pagkain at pampaganda (cosmetics) Ilagay lamang sa kulay asul na basket na nakalagay sa mga tapunan ng resources 		
Latang walang laman	Latang walang laman para sa inumin at pagkain 【Maliban sa Nakagawa-ku at Minato-ku】 Ilagay lamang sa nakatalagang supot (recyclable na materyal) at dalhin ito sa lugar na paglalagyan ng mga ito sa inyong lokal. 【Nakagawa-ku at Minato-ku】 Ilagay lamang sa kulay dilaw na basket na nakalagay sa mga istasyong kolektahan. 		【Maliban sa Nakagawa-ku at Minato-ku】  ★ 【Nakagawa-ku at Minato-ku】 
Mga lalagyan na gawa sa papel • Miscellaneous Items	【Lalagyan/packaging gawa sa papel】 • Paper Box • Paper Bags • Wrapping Papers • Mga Tasa • Mga takip na gawa sa papel • Pakete ng alak o juice (mga may aluminum na nakadikit sa loob) atbp. 【Miscellaneous items na gawa sa papel】 • Flyers, polyeto • Copy Papers • Memos/Notes • Price tag • toilet paper roll atbp. Pagsamahin ang mga lalagyan na gawa sa papel, packaging at miscellaneous items at itapon ito sa kung saan mayroong lugar para sa mga resources sa inyong lokal na lugar 		 ★
	Tetrapack na kulay puti sa loob na pinaglagaan ng mga inumin (lalagyan ng gatas at iba pa) Maaaring ilagay sa natatanging collection box sa supermarket, ward office at iba pa.		
Fluorescent / Mercury Body Thermometer / Mercury Weather Thermometer	【Flourescent】 Dalhin lamang sa nakipag-kooperasyon sa pagkolekta ng fluorescent sa bawat Environmental Office ng Ward o Pamilihan ng Appliances, Home Center atbp. 【Mercury Body Thermometer / Mercury Weather Thermometer】 Dalhin lamang sa Environmental Office ng bawat Ward.		
Maliit na kasangkapang de-koryente / kasangkapang de-bateria	Maliit na kasangkapang de-koryente: Ang mga lugar na paglalagyan ng mga maliit na kasangkapang de-koryente na hindi lalapas sa sukat na 15cm (taas) x 40cm (haba) x 25cm (lawak) ay sa supermarket / cityhall / environmental offices atbp. Kasangkapang de-bateria: Ang mga lugar na paglalagyan ng kasangkapang de-bateria na lampas ang laki sa sukat ng maliit na kasangkapang pambahay ay sa environmental offices ng bawat Ward. Tanggapan ng Katanungan: tumawag sa Environmental Regeneration and Resource Circulation Bureau Tel: 052-972-2379		
Mantika	Ilipat sa hindi hihigit sa 700 ml. na PET Bottle ang nagamit na mantika sa pagluluto at dalhin ito sa isang malaking supermarket. Tanggapan ng Katanungan: tumawag sa Environmental Regeneration and Resource Circulation Bureau, Tel: 052-972-2379		
Dyaryo, magasin, karton, uri ng damit, uri ng tela	Itapon lamang sa "Group Resources Collection" sa bawat pook, "Recycle Station" at "Recycle Center para sa lumang papel". Tanggapan ng Katanungan: Resource Recycling Planning Division Tel: 052-972-2398		
Tanggapan ng Katanungan: tumawag sa Tanggapan ng Pangkalkasan, Sangay ng Gawain Tel: 052-972-2394 ★ Bukod sa designated bags for resources, maaari ding gamitin ang mga hindi na kailangang transparent o walang kulay na supot sa inyong tahanan. ◆ Hindi kinokolekta ng siyudad ang 4 na home appliances gaya ng aircon, telebisyon, refrigerator, freezer, washing machine, laundry dryer. Dalhin lamang sa itinalagang lugar na tapunan ng mga ito o di kaya ay makipag-ugnayan o tumawag sa pamilihan ng home appliances.			



Iba't-ibang Aplikasyon

かくしゅ て つづ
各種手続き



■ Pagpasok sa Bansang Hapon

☐	Pagpapatala Bilang Residente
☐	Pag-uulat ng Health Insurance, Pensyon at Nursing Care Insurance
☐	Tulong sa Pananalapi sa May kinalaman sa Pangagamot ng Bata at Tulong sa Pananalapi sa Pag-aalaga ng Bata
☐	Pamamaraan ng Pagpapasok ng Anak sa Paaralan o Kinder / Nursery
☐	Pagpapagawa ng Pantatak(Inkan)
☐	Pagbubukas ng Bank Account
☐	Life line (tubig, gas, elektrisidad, telepono)



■ Pagpapakasal

☐	Pagpapatala ng Pagpapakasal
☐	Pag-uulat ng Certificate of Residence
☐	Aplikasyon sa Pagpapatala ng Pantatak(Inkan)
☐	Pag-uulat ng Health Insurance at Pensyon
☐	Lisensya ng Pagmamaneho

■ Panganganak

☐	Pagpapatala ng Kapanganakan (sa loob ng 14 araw) at Pag-uulat ng Maternal and Child Health Handbook
☐	Pag-uulat ng Kapanganakan (health center)
☐	Lump-sum na Salapi para sa Pananalapi sa Panganganak
☐	Health Insurance
☐	Tulong sa Pananalapi na May kinalaman sa Pangagamot ng Bata
☐	Tulong sa Pananalapi sa Pag-aalaga ng Bata
☐	Aplikasyon sa Nagoya Immigration Bureau (sa loob ng 30 days)

■ Paghihiwalay

☐	Pagpapatala ng Paghihiwalay
☐	Pag-uulat ng Certificate of Residence
☐	Aplikasyon sa Pagpapatala ng Pantatak(Inkan)
☐	Pag-uulat ng Health Insurance at Pensyon
☐	Lisensya ng Pagmamaneho
☐	Notipikasyon para sa Nagoya Immigration Bureau (sa loob ng 14 na araw) (para sa mga mayroong status of residence na "Spouse or Child of Japanese National", "Spouse or Child of Permanent Resident", "Dependents")

■ Pagkamatay

☐	Pagpapatala ng Pagkamatay (sa loob ng 7 araw)
☐	Pag-uulat ng Health Insurance, Pensyon at Nursing Care Insurance
☐	Iba't-ibang aplikasyon at libreto
☐	Mga pamamaraan tungkol sa mga medikal na benepisyo atbp.
☐	Life line(tubig, gas, elektrisidad, bangko, telepono)
☐	Pagsasauli ng Resident Card (Bureau of Immigration, sa loob ng 14 araw)
☐	Notipikasyon para sa Nagoya Immigration Bureau (sa loob ng 14 na araw) (para sa taong kasal na pumanaw ang partner, kinakailangang ipatala ito sa Bureau of Immigration kung may status of residence na "Spouse or Child of Japanese National", "Spouse or Child of Permanent Resident", "Dependents")

Pamamaraan	Katanungan	Nilalaman
Pag-alis at Pagpasok 	Ward Office o Branch ng Ward Office	Bago lumipat ng tirahan ay kailangan gawin ang pagpapatala ng moving-out notification/ <i>tenshutsu-todoke</i> sa cityhall ng dating address (kapag sa loob lamang ng Nagoya City lilipat ay di na kailangan ang pagpapatala ng moving-out notification), at matapos ang paglilipat ay kailangan gawin sa loob ng 14 araw ang pagpapatala ng moving-in notification/ <i>tennyu-todoke</i> sa cityhall ng bagong address.
Pagpapatala ng Pagpapakasal	Ward Office o Branch ng Ward Office	Maaaring magkakaiba ang aplikasyon ayon sa nasyonalidad. At ang may status of residence na "Spouse or Child of Japanese National", "Spouse or Child of Permanent Resident", "Dependents" atbp ay kailangan ding ipatala sa Immigration Bureau sa loob ng 14 days.
Pagpapatala ng Paghihiwalay	Ward Office o Branch ng Ward Office	
Pagpapatala ng Kapanganakan	Ward Office o Branch ng Ward Office	Tingnan ang pahina 13.
Pagpapatala ng Pagkamatay	Ward Office o Branch ng Ward Office	Dapat na iulat ang pagkamatay sa loob ng 7 araw mula sa araw na malaman ang pagkamatay. Kailangan isauli ang residence card sa Immigration Bureau sa loob ng 14 days. Para sa taong kasal na pumanaw ang partner at may status of residence na "Spouse or Child of Japanese National", "Spouse or Child of Permanent Resident", "Dependents" ay nararapat na ipatala sa Immigration Bureau sa loob ng 14 days.
Pagpapatala ng Pantatak(<i>Inkan</i>) 	Ward Office o Branch ng Ward Office	Sa bansang hapon, ang pantatak kung saan ang unang pangalan o apelyido ay nakaukit ang siyang ginagamit katumbas ng pirma. Ang mga sariling pantatak o seal na nakatala sa awtoridad munisipiyong lokal ay tinatawag na "jitsuin" na ang kahulugan ay "nakatalang pantatak" o "seal ng selyo". Sa pagtutugma ng nakatalang pantatak sa sertipiko ng pagpaparehistro, ang mga gawaing kilos ng may-ari nito ay legal na makukumpirma
Resident Tax / Prefectural Tax, Forest Environment Tax	Sakae City Tax Office (para sa mga naninirahan sa Chikusa, Higashi, Kita, Naka, Moriyama at Meito-ku) Tel: 052-959-3303	-Ang mga may tirahan sa bansang Hapon sa ika-1 ng Enero ay kailangang magbayad ng buwis ng naninirahan na katumbas ng ilang bahagi ng kita mula Enero hanggang Disyembre ng nakaraang taon sa munisipyo kung saan may tirahan sa ika-1 ng Enero. Bilang karagdagan sa pambansang buwis gaya ng Resident Tax, kakailanganin ring magbayad ng Forest Environment Tax. -Ang buwis ng naninirahan ay lokal na buwis na ipinapataw hindi kasama ang income tax o buwis sa kita, isang uring pambansang buwis. May dalawang uring buwis ng naninirahan, isa ay city tax o buwis ng naninirahan sa lungsod at isa pa ay prefecture tax o buwis ng naninirahan sa prepektura. -Magkakaiba ang halaga ng buwis ng naninirahan depende sa pasahod, bilang ng pakainin at iba pa. -Ukol sa mga detalye, tingnan lamang ang pamplet na "Guide to Japanese Personal Taxes" E "To Foreign Residents: Payment of Municipal and Prefectural Resident Tax" E C K P S V N
	Honjin City Tax Office (para sa mga naninirahan sa Nishi, Nakamura, Nakagawa at Minato-ku) Tel: 052-433-4021	
	Kanayama City Tax Office (para sa mga naninirahan sa Showa, Mizuho, Atsuta, Minami, Midori at Tempaku-ku) Tel: 052-324-9804	



Pagpapatala ukol sa Tax Treaty	Ang mga naninirahan sa mga bansang nagpatibay ng Tax Treaty o kasunduan ng buwis sa bansang Hapon ay maaaring hindi kailangang magbayad ng buwis na ipinapataw sa kita at iba pa.		
	Nagoya Naka Tax Office (para sa mga naninirahan sa Naka-ku) Tel: 052-962-3131	Nagoya Higashi Tax Office (para sa mga naninirahan sa Higashi-ku) Tel: 052-931-2511	Chikusa Tax Office (para sa mga naninirahan sa Chikusa-ku at Meito-ku) Tel: 052-721-4181
	Nagoya Kita Tax Office (para sa mga naninirahan sa Kita-ku at Moriyama-ku) Tel: 052-911-2471	Nagoya Nishi Tax Office (para sa mga naninirahan sa Nishi-ku) Tel: 052-521-8251	Nagoya Nakamura Tax Office (para sa mga naninirahan sa Nakamura-ku) Tel: 052-451-1441
	Showa Tax Office (para sa mga naninirahan sa Showa-ku, Mizuho-ku at Tempaku-ku) Tel: 052-881-8171	Atsuta Tax Office (para sa mga naninirahan sa Atsuta-ku, Minami-ku at Midori-ku) Tel: 052-881-1541	Nakagawa Tax Office (para sa mga naninirahan sa Nakagawa-ku at Minato-ku) Tel: 052-321-1511
Pandaigdig na Lisensya ng Pagmamaneho (International Driving Permit) at Lisensya ng Pagmamaneho ng Ibang Bansa  *Sa tuwing magmamaneho ng sasakyan gamit ang International Driver's License ay kinakailangang dalhin ang rehistro ng paglabas pasok sa bansa (pasaporte).	Driver's License Section (Aichi Prefecture Police) Tel: 052-951-1611	■ Kailangan ang isa sa mga lisensyang nakasulat sa ibaba upang magmaneho sa bansang Hapon. 1) Pandaigdig na lisensya ng pagmamaneho o international driving permit na binabase sa Geneva Convention 2) International Driver's License (Switzerland, Germany, France, Belgium, Taiwan, Monaco) (※Kailangang sinamahan ng salin sa wikang Hapon na isinagawa ng institusyon ng pagbibigay ng lisensya, Embassy o Consular sa loob ng bansang Hapon, Taiwan-Japan Relation Association o Japan Automobile Federation (JAF)) ■ Panahon na nakakapagmamaneho sa bansang Hapon Makakapagmamaneho lamang ang nakapaloob sa panahon, 1 taon mula sa araw ng pagpasok sa bansang Hapon o mabisang panahon ng lisensya. (Subali't mula sa araw ng unang pagpasok sa bansang Hapon para sa mga nakatala sa Basic Resident Register kung sila ay nakatanggap ng pagpapatibay ng paglabas o pagpayag ng muling pagpasok at iba pa, lumabas sa bansang Hapon, at bumalik sa bansang Hapon nang hindi pa nakalipas ang 3 buwan.)	
Pagkuha ng Lisensya ng Pagmamaneho ng Bansang Hapon	Driver's License Center Tel: 052-800-1352	Ang mga taong may pang ibang bansang lisensya ng pagmamaneho. Sa kaso na ang mga sumusunod na kundisyon ay natutugunan, ang bahagi ng pagsusulit sa lisensya sa pagmamaneho (pagsusulit sa departamento, pagsusulit sa kasanayan) ay hindi na ipagpapatuloy pagkatapos suriin / kumpirmahin kung walang hadlang sa pagmamaneho sa Japan -Magagawa mong patunayan na nanatili ka ng 3 buwan o higit pa sa kabuuan para sa bansang iyon pagkatapos makuha ang iyong lisensya sa ibang bansa. (Kailangan ang dokumentong nagpapatunay ng panahon ng paninirahan tulad ng pasaporte)	



Bata • Edukasyon

こども・教育
きょういく



// Pagbubuntis

Pamamaraan	Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Pagpapatala ng Pagbubuntis 	Health Center	Bibigyan kayo ng Maternal and Child Health Handbook na gagamiting talaan ng mga impormasyon na may kinalaman sa kalusugan ng ina at ng anak. Ang mga porma para sa pagpapasuri ng kalusugan ng nagdadalangtao at ng sanggol, at iba pang dokumento ay kasama sa karagdagang librito ng Maternal and Child Health Handbook.

// Panganganak

Pamamaraan	Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Pagpapatala ng Kapanganakan 	Ward Office o Branch ng Ward Office	Kailangang iparehistro ang bata sa loob ng 14 days mula sa araw na ipinanganak. Kailangan ding dalhin ang Maternal and Child Health Handbook sa oras na magpapatala. Kapag ang batang ipinanganak ay pinaplanong manatili sa Japan ng 60 days o higit pa, kinakailangang mag-apply at humingi ng permiso sa Nagoya Immigration Bureau upang makakuha ng status of residence sa loob ng 30 days. Kung pareho o isa sa mga magulang ng bata ay dayuhan, ang kapanganakan ng bata ay kailangan ipatala sa sariling bansa. Ang pamamaraan ay nag-iiba ayon sa sariling bansa / rehiyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa embahada o konsulado.
Pag-uulat ng Kapanganakan	Health Center	Ipadala lamang ang post card na kasama ng karagdagang librito ng Maternal and Child Health Handbook upang iulat ang panganganak.
Childbirth and Childcare Lump-sum	Ward Office o Branch ng Ward Office	Bilang alituntunin, ang mga miyembro ng National Health Insurance ay makakakuha ng 500,000 yen sa oras ng kanilang panganganak.
National Health Insurance (Tingnan ang pahina 6)	Ward Office o Branch ng Ward Office	Kailangang ipatala ang anak ng mga miyembro ng National Insurance sa loob ng 14 araw pagkapanganak nito.
Subsidy para sa mga medikal na gastusin ng bata	Ward Office o Branch ng Ward Office	Para sa mga batang may edad 0 hanggang 18 taong gulang *Kapag ang inyong anak ay may 18 taong gulang, siya ay mabibigyan mula sa araw ng kaniyang kaarawan hanggang sa Marso 31. Makakatanggap ng subsidy sa binayarang halaga ayon sa medical insurance.
Tulong sa Pananalapi sa Pag-aalaga ng Bata 	Ward Office o Branch ng Ward Office	Para sa mga nag-aalaga ng batang may edad na 0 hanggang 3rd year ng junior high school. Kailangang isumite ang pagtanggap ng tulong pinansyal sa loob ng 15 araw mula sa kasunod na araw na ipinanganak ang sanggol. May pagkakataon na kailangang isumite ang notipikasyon sa kasalukuyang sitwasyon o genjo-todoke sa buwan ng Hunyo kada taon.
Pagpapabakuna 	Health Center	Ang pagpapabakuna ay isinasagawa sa ospital. Dalhin ang Maternal and Child Health Handbook sa araw ng pagpapabakuna.
Nursery	Ward Office o Branch ng Ward Office	Para sa mga batang may edad na 0 hanggang makapasok sa elementary school. Inaalaga ang mga batang walang nakakapag-alaga sa kanila sa tahanan dahil nagtatrabaho ang mga magulang at sa iba pang mga dahilan.

Pamamaraan	Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Municipal Kindergarten 	Kindergarten na nais pasukan o Education Personnel Division ng Board of Education Tel: 052-972-3243	Para sa mga batang may edad na 3 hanggang makapasok sa elementary school

// Edukasyon ng Mga Bata

Pamamaraan	Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Municipal Elementary School, Municipal Junior High School	Ward Office o Branch ng Ward Office	Para makapasok sa paaralang elementarya o junior high school ng munisipal, kinakailangan na lakarin ito sa <i>ward office</i> o <i>branch</i> (sangay) nito. 6 taon na elementary school: mula edad na 6 hanggang 12 3 taon na junior high school: mula edad na 12 hanggang 15 Mula Abril hanggang Marso ang isang school year.
Pagsangguni Ukol sa Pagtuturo ng Wikang Hapon	Japanese Language Education Consultation Center  * Tel: 052-961-0418	Pagsangguni ukol sa pagpasok sa paaralan, pagsasanay sa pamumuhay sa paaralan, at tulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral na kailangang turuan ng wikang Hapon Oras ng Opisina (Lunes-Biyernes): 13:00-15:30 *Magtanong lamang kung kailangan ang tagapagsalin ng Korean, dahil 1 beses sa 1 linggo lamang may tagapagsalin ng Korean.
Twilight School, Twilight Room 	Kawanihan ng bata at kabataan, Seksyon ng Promosyon ng Programa Pagkatapos ng Paaralan / Child and Youth Bureau, After School Program Promotion Tel: 052-972-3229	Ang mga mag-aaral ay maaaring maglaro nang malaya sa elementary school pagkatapos ng paaralan o sa mga araw na walang pasok kasama ang mga kaibigan ng iba't ibang baytang. Para sa mga mag-aaral ng grade 1 hanggang grade 6 ng elementary school Araw na may aktibidad: mula Lunes hanggang Sabado (sarado ito sa tuwing holiday at katapusan o simula ng taon) Oras ng aktibidad: Araw na may pasok: pagkatapos ng paaralan hanggang 18:00 (room~19:00) Sabado: 9:00~18:00 (room 9:00~18:00) Mahabang bakasyon araw ng weekdays: 9:00~18:00 (room 8:00~19:00) Bayarin: walang bayad (magbabayad lamang para sa Insurance.) *Kailangang magbayad para sa twilight room mula 17:00.
Home Child Learning Development Business (School Child Care) 	Ward Office o Branch ng Ward Office	Tinatanggap ang mga batang walang kasama sa tahanan pag-uwi galing paaralan dahil nagtatrabaho ang mga magulang at sa iba pang mga dahilan. Para sa mga mag-aaral ng grade 1 hanggang grade 6 ng elementary school Araw na may aktibidad: Tuwing Lunes hanggang Sabado (National Holiday, Katapusan ng taon at bagong taon) Oras ng aktibidad: depende sa day-care at club Gastusin: Depende ito sa bawat pasilidad.



Matatanda May Kapansanan

こうれいしゃ しょうがいしゃ
高齢者・障害者



Pamamaraan	Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Sistemang may kinalaman sa pangagamot para sa mga matandang may edad na 75 pataas	Ward Office o Branch ng Ward Office 	Para sa mga may edad na 75 pataas, o may edad na 65 hanggang 74 at may ilang mga sagabal, at may balak manirahan sa bansang Hapon nang 3 buwan o mas matagal. -Kailangang magbayad ng Insurance Fee base sa halaga ng kinikita sa loob ng isang taon at kinakailangan itong bayaran. -Kung i-susumite ang iyong Insurance Card atbp. sa ospital, maaaring makatanggap ng pangangalagang medikal sa pamamagitan ng pagbabayad lamang ng isang bahagi ng mga gastusing medikal.
Senior Citizen ID/Card (Respect for the Elderly Handbook)	Ward Office o Branch ng Ward Office	Para sa mga may edad na 65 pataas. Kapag ipinakita ang Senior Citizen ID/Card, makakakuha ng discount sa admission fee sa Higashiyama Zoo, Botanical Garden, Nagoya Castle atbp.
Senior Citizen Commuter Ticket	Ward Office o Branch ng Ward Office Call center ng senior citizen commuter ticket (keiro-pass): 052-766-5500 Lunes hanggang Biyernes (hindi kasama ang pampublikong pista opisyal, katapusan ng taon at bagong taon) 9:00~17:15	(Target) 65 taong gulang pataas Sa pangkalahatan, ang Subway, City Bus, Nagoya Sight-Seeing Bus Route (Meguru), Yutori Line, Aonami Line, Meitetsu/JR Tokai, Kintetsu Railways (in-city operation section) at Meitetsu Bus/Mie Kotsu Route Bus (in-city operation section) ay magagamit ito. Sa oras na tumanggap ng Senior Citizen ID/Respect for the Aged Pass ay kailangang magbayad. Magagamit ito ng 730 beses sa 1 taon. *Bilang panuntunan sa mga seksyon ng riles sa Lungsod gaya ng Meitetsu, JR Tokai, Kintetsu Railways (in-city operation section) at Meitetsu Bus, at Mie Kotsu Route Bus (in-city operation section) ang iyong perang ibinayad ay ibabalik din pagkalipas.
Librito para sa may kapansanan sa katawan, -Librito para sa may kapansanan sa pag-iisip, Librito para sa kalusugan at kapakanan ng may kapansanan sa kalagayang emosyonal	Ward Office o Branch ng Ward Office Health Center Sa loob ng branch ng health Center	Ito ay angkop para sa mga may kapansanan sa pisikal, intelektuwal at mental na aspeto, na tumutugon sa itinakdang alituntunin. Ito ay libreto na katunayan ng iba't-ibang uri ng kapansanan. Ito ay kakailanganin sa paggamit ng iba't-ibang welfare system.





Trapiko
こうつう
交通



// Batas sa Trapiko

- Sa Japan, ang mga kotse, motorsiklo, bisikleta, atbp. ay tumatakbo sa gawing kaliwa ng kalsada, at ang mga taong naglalakad ay nasa gawing kanan ng daanan.
- Pagmasdan natin ang mga patakaran sa trapiko kapag dumadaan sa daanan.
- Sundin ang mga ilaw ng trapiko kapag dadaan sa lugar na may mga ilaw ng trapiko.
- Ang pagmamaneho nang nakainom ng alak ay mahigpit na ipinagbabawal.
- Ang pagmamaneho nang walang lisensya din ay mahigpit na ipinagbabawal.
- Huwag gumagamit ng smartphone habang nagmamaneho.
- Kumuha ng insurance para sa sasakyan at bisikleta.



■ Taong Naglalakad

- Kailangang maglakad sa sidewalk.
- Sa lugar na walang sidewalk, kailangang maglakad sa gawing kanan ng lansangan.
- Gumamit ng mga tawiran ng pedestrian kung saan may mga crosswalk.



■ Bisikleta

- Kailangang tumakbo sa isang pila sa gawing kaliwa ng lansangan bilang tuntunin.
- Sa mga bangketa na maaaring dumaan ang bisikleta, bigyang-prioridad ang mga pedestrian at magmaneho nang dahan-dahan patungo sa kalsada.
- Ipinagbabawal ang pagmamaneho kapag nakainom ng alak, may angkas, paggamit ng payong, pagmamaneho nang magkatabi, at pagmamaneho habang gumagamit ng smartphone.
- Kailangang gamitin ang ilaw sa gabi.
- Magsuot ng helmet tuwing sasakay / magmamaneho



■ Mga maliliit na bisikleta

- Kinakailangan ang mga headlight, blinker, brake lights, number plate, atbp.
- Sa prinsipyo, gamitin ang kalsada
- Ang pagmamaneho ng wala pa sa edad na 16 ay ipinagbabawal
- Magsuot ng helmet kapag sasakay



■ Kotse

- Ang lahat ng sasakay sa kotse ay inaatasang gumamit ng seatbelt.
- Ang mga batang 6 taong gulang pababa ay kinakailangang isakay sa childseat.
- Ang mga nakasakay sa motorsiklo ay inaatasang magsuot ng helmet.

// Panglungsod na mga Bus at Subway

■ Panglungsod na mga Bus (nakatakda) ■ Pangkaraniwang Ticket ng Subway

Matanda	210 yen
Bata	100 yen

	1 distrito	2 distrito	3 distrito	4 distrito	5 distrito
Matanda	210 yen	240 yen	270 yen	310 yen	340 yen
Bata	100 yen	120 yen	130 yen	150 yen	170 yen

■ One-day Ticket

Sa gamit ng ticket na ito, nakakasakay kayo ng panglungsod na bus at subway kahit na nang ilang beses sa isang araw. Kapag ipapakita ang gamit na 1 day pass at donichi eco ticket, ay mayroong discount sa entrance ng ibang mga pasilidad.

	One-day Ticket ng Bus at Subway	One-day Ticket ng Bus	Eco Ticket para sa Sabado at Linggo (<i>Donichi Eco Kippu</i>)*
Matanda	870 yen	620 yen	620 yen
Bata	430 yen	310 yen	310 yen

**Donichi Eco Kippu*: Nagagamit sa Sabado, Linggo at National Holiday (sa mga araw na umaandar ang bus at tren base sa timetable ng Sabado, Linggo at National Holiday din) at ika-8 ng bawat buwan.

■ 24 Hour Ticket

Sa loob ng 24 na oras, mula nang umpisahang gamitin ang ticket sa Subway (Hanggang sa parehong oras ng susunod na araw) ay maaaring makasakay kahit ilang beses.

Mayroon mga pasilidad na nagbibigay ng diskwento sa Entrance Fee at iba pa kapag ipinakita mo ang 24 Hour Ticket sa loob ng Expiration Date matapos itong simulang gamitin.

	Subway 24 Hour Ticket
Matanda	760 yen
Bata	380 yen

Tandaan) Ang nakatalang presyo ng bayad para sa City Bus o Subway, ay nababatay mula sa naitalaga noong Abril 1, 2024. Mangyaring tingnan po lamang sa website ng Transportation Bureau ng Nagoya ang kasalukuyang mga presyo.

Transportation Bureau, City of Nagoya

website

E

C (Traditional)

C (Simplified)

K

P

S

F

Thai

V

■ IC Card “manaca”

-Ilagay lamang ang card sa ibabaw ng bawat gate ng tren o fare box ng bus para sa pagsakay.

-May 5 uring presyo, 1,000 yen, 2,000 yen, 3,000 yen, 5,000 yen, 10,000 yen. (Kasama sa presyo ang depositong halaga 500 yen. Ang halagang nabawasan ang 500 yen sa nabanggit na mga presyo ang magagamit.)

-Ang isang card ay paulit-ulit na nagagamit sa pamamagitan ng pag-chacharge.

-Idadagdag ang mileage point depende sa halagang binayaran sa cash sa panglungsod na bus at subway. Nagagamit ang mileage point upang magbayad ng pamasaha sa panglungsod na bus at subway.

-Diskwento ng 80 yen sa matanda (40 yen sa bata) ang pamasaha paglilipat sa pagitan ng mga panglungsod na bus, sa pagitan ng panglungsod na bus at subway at iba pa sa loob ng 90 minuto.

-Maliban sa City Bus o Subway at iba pa, magagamit din ito sa sakop na lugar ng MANACA sa Aonami Line, Yutori Line, Meitetsu Train, Meitetsu Bus, Toyohashi Rail Road, MANACA area ng Linimo o sa mga lugar na maaaring gamitin sa buong bansa.

-Nagagamit ito bilang electric money sa subway, sa tindahan ng city bus terminal, maliban sa vending machine ay magagamit din sa mga mayroong marka sa kanan.

-Nagagamit din sa mga tren, bus, tindahan at vending machine atbp na mayroong markang .

-Nagagamit din ang Toica ng JR-Central, Suica ng JR-East at iba pa sa pagsakay sa panglungsod na bus, subway at iba pa.



■ Tungkol sa Paraan ng Pagsakay

Mayroong “Nagoya City Bus・Subway Guide” sa Station Master’s Office

E

C (Traditional)

C (Simplified)

K

P



Lindol• Pinsala dahil sa Hangin at Baha

じしん ふうすいがい
地震・風水害



// Paghahanda laban sa Kapahamakan

- Mag-usap sa pamilya kung saan tatakas at kung paano makapag-ugnayan (numero ng telepono 171 para sa pag-iwan ng mensahe at mga service ng message board para sa panahon ng kapahamakan).
- Maghanda ng mga bagay na kakailanganin sa oras na magkaroon ng lindol (pagkain, pang-inom na tubig, mahalagang bagay, damit, medikal na bagay, radyo, flashlight at iba pa).
- Patibayin ang mga kasangkapan sa bahay para hindi ito matumba o malaglag sa panahon ng lindol.
- Alamin sa bawat uri ng hazard map ng inyong tinitirhang lugar ang mga panganib sa oras ng kalamidad.
- Kumpirmahin sa hazard map atbp. ang paraan ng pagpunta sa mga Isinaad na Evacuation Center, Isinaad na emergency Shelter hanggang sa Emergency Water Supply Facility sa kalapitan.
- *Isinaad na emergency Shelter: Upang maprotektahan ang buhay, mangyaring unahin ang lugar kung saan makakatakas mula sa panganib ng kalamidad o sakuna. (Iba iba sa bawat uri ng disaster)
- *Isinaad na Evacuation Center: Ang pansamantalang lugar na matutuluyan kapag nagiba o nasira ang bahay at hindi maaaring makauwi
- *Emergency Water Supply Facility: Ang lugar kung saan makakatanggap ng supply ng tubig kapag walang lumalabas o makuhang tubig dahil sa pinsala ng disaster
- *Ang hazard map atbp ay maaaring kumpirmahin sa cityhall.
- I-download sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya.

Nagoya Hazard Map Disaster Prevention Guidebook

website



Palatandaan ng
Emergency
Evacuation Place



Palatandaan ng
Evacuation Shelter

- Suriin ang impormasyon ng kalamidad sa website.

Link ng mga Impormasyon ukol sa Kalamidad hatid ng NIC

website

E P S C K F V N I T

- Ipapaalam ang mga impormasyon pang emerhensya sa kalamidad sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya at website ng Nagoya international Center.

Lungsod ng Nagoya

website

Nagoya International Center

website

E C K P S F V N


"YASASHI NIHONGO" Madaling Nihongo



Ukol sa Lindol

Ang bansang Hapon ay isa mga bansang madalas nagkakaroon at dinadaan ng lindol. Tandaan ang mga dapat gawin upang maging mahinahon sa oras ng lindol.


Kalakasan ng Pagyanig ng Lindol



Pag may lindol?

Ang malaking yanig ay nakakatuloy nang mga 1 minuto.

- Magtago sa ilalim ng matibay na bagay kagaya ng mesa.
- Patayin ang apoy kapag tumigil ang pagyanig.
- Buksan ang pintuan upang makatakas.
- Huwag mataranta at magmadaling lumabas.
- Magtamo ng impormasyon sa radyo at telebisyon.



Ano ang Impormasyong Espesyal ukol sa Nankai Trough Earthquake?

Ipapahayag ito ng Meteorological Agency sa oras na malaki ang posibilidad na mangyari ang malakas na lindol sa Nankai trough. Kahit na ipahayag ang impormasyong espesyal, nararapat na kalmado tayong kumilos naaayon sa anunsyong ihahatid ng lungsod ng Nagoya. *Ang paghahatid ng impormasyong espesyal, ay hindi lamang ipapahayag sa tuwing bago mangyari ang lindol.

Ukol sa Tsunami

Kung ibinababala ang Tsunami Warning o Major Tsunami Warning sa Look Ise (Ise Bay) o Look Mikawa (Mikawa Bay) dahil sa lindol, ibababala ng Lungsod ng Nagoya ang Instruksyon sa Paglikas (hinan shiji) at iba pa sa mga lugar kung saan ang mga nakatira ay dapat lumikas* sa mga lugar na hindi mararating ng tsunami. Kung wala ng oras na makatakas, lumikas sa tsunami evacuation building (Itinakdang Emergency Evacuation Place para sa Tsunami). Iaanunsyo ang Instruksyon sa Paglikas gamit ang sirena, pampublikong kotse para sa babala at iba pang paraan.

*Lugar kung saan ang mga nakatira ay dapat lumikas:

Tsunami Warning: Ilang mga bahagi sa Minato-ku,

Major Tsunami Warning: Nakamura-ku, Mizuho-ku, Atsuta-ku, Nakagawa-ku, Minato-ku, Minami-ku at Midori-ku

Tsunami Evacuation Building (Itinakdang Emergency Evacuation Place para sa Tsunami)

Nagkaroon ng lindol, kapag may *tsunami* warning sa Ise Bay at Mikawa Bay, at sa oras na nagdeklara ng warning ng malaking *tsunami*, lugar kung saan pang pansamantalang lilikas sa tsunami.

Ang mga paunawa tulad ng nakasulat sa kanan ay nakikita sa pasukan o labasan ng mga gusaling nakatakda bilang tsunami evacuation building.

Para sa mga nakatira sa Nakamura-ku, Mizuho-ku, Atsuta-ku, Nakagawa-ku, Minato-ku, Minami-ku at Midori-ku



// Tungkol sa pinsala ng bagyo at baha

Madalas umuulan nang malakas mula Hunyo hanggang Oktubre at dumadaan din ang maraming bagyo sa panahong ito. Madalas din na nagaganap ang naisalokal na malakas na ulan. Bigyang-pansin ang impormasyon ng panahon sa telebisyon, radyo at iba pa.

■ Ukol sa Advisory, Warning at Emergency Warning (Ibinababala ng Japan Meteorological Agency)

	Nilalaman	Mga gagawin
Advisory (<i>Chuiho</i>)	Mag-ingat sa pamamagitan ng pagtawag-pansin sa kung kailan posibleng mangyari ang panganib ng isang kalamidad.	-Bigyan-pansin ang impormasyon ng panahon at kalagayan sa labas. -Tiyakin ang mga bagay na kakailanganin sa panahon ng kalamidad at kumpirmahin ang lugar at ruta ng paglikas. -Suriin ang mga bagay na nasa labas ng bahay para sa paghahanda sa kalamidad.
Warning (<i>Keiho</i>)	Ipapahayag ito para sa mabuting pag-iingat kung may pangamba ng pagkakaroon ng malaking kapahamakan.	-Bigyan-pansin ang impormasyon ukol sa paglikas at mabilis na lumikas kung kinakailangan.
Emergency Warning (<i>Tokubetsu Keiho</i>)	Ipapahayag ito kung hinuhulaang magkaroon ng di-pangkaraniwang palatandaan na talagang lumalampas sa pamantayan ng warning at may napakalaking pangamba ng pagkakaroon ng malaking kapahamakan.	-Kumilos agad upang kalingain ang buhay. -Kung kinakailangan, tumakas sa itaas na palapag ng gusali o itinakdang emergency evacuation place. -Kung delikado ang paglabas, lumipat sa ligtas na lugar sa loob ng bahay.

■ Impormasyon Ukol sa Paglikas (Ibinababala ng Lungsod ng Nagoya)

[Alert Level 3] Paglikas ng Matatanda, atbp.	Ito ay isang pagpapahayag/anunsyo na “Magsilikas dahil posibleng mangyari ang malaking sakuna”. -Ito ay iaanunsyo sa pamamagitan ng advertising car na lumilibot, internet, telebisyon, radio, at iba. -Mangyaring agad na simulan ang paglikas sa mga matatanda at iba pang mga tao na aabutin ng matagal na oras at hindi kaagad makakalikas. -Para naman sa mga taong hindi nabanggit, ipinakikiusap na bantayan at pakinggang mabuti ang weather information at maghanda na para sa paglikas.
[Alert Level 4] Instruksyon sa Paglikas	Ito ay ang pagbibigay ng opisyal na deklarasyon upang pakiusapan at himukin ang paglikas sa dahilang malaki ang posibilidad na magkaroon ng sakuna. • Maliban pa sa advertising car na lumilibot para mag-anunsyo, internet, telebisyon, radio at iba pang mga nagbibigay ng pampublikong impormasyon, mayroon ding patutunuging siren. • Ipinakikiusap na lumikas ng mabilis ang lahat. -Lumikas po kayo sa kalapit na ligtas na lugar o sa loob ng mataas na lugar kapag delikado ang paglikas patungo sa lugar na paglilikasan o sa evacuation center.
[Alert Level 5] Emerhensiyang Pagtiyak sa Kaligtasan	Pahayag ito sa oras na posibleng mangyari o magkaroon ng kalamidad. -Ang mga nasa delikadong lugar, ay agarang lumikas sa malapit na matataas na lugar na hindi aabutin ng pagtaas ng tubig / tsunami para sa sariling kaligtasan. -Kumilos agad upang kalingain ang buhay.



Kontak sa Munisipalidad atbp.

くやくしょう れんらくさき
区役所等の連絡先

// Opisina ng Lungsod

Oras ng Tanggapan 8:45-17:15 sa Lunes-Biyernes **Sarado** :Sabado, Linggo, National Holiday at Dec 29-Jan 3

Nagoya City Hall (市役所)

Pangalan	Zip code	Tirahan	Tel	Fax
Nagoya City Hall	460-8508	1-1, Sannomaru 3-chome, Naka-ku	052-961-1111	—

Ward Office, Branch ng Ward Office (区役所・支所)

Pangalan	Zip code	Tirahan	Tel	Fax
Chikusa Ward Office (千種区)	464-8644	103, Hoshigaoka yamate, Chikusa-ku	052-762-3111	052-762-5044
Higashi Ward Office (東区)	461-8640	7-74, Tsutsui 1-chome, Higashi-ku	052-935-2271	052-935-5866
Kita Ward Office (北区)	462-8511	17-1, Shimizu 4-chome, Kita-ku	052-911-3131	052-914-5752
Kita Ward Office, Kusunoki Branch (楠支所)	462-0012	974, Kusunoki 2-chome, Kita-ku	052-901-2261	052-902-1840
Nishi Ward Office (西区)	451-8508	18-1, Hananoki 2-chome, Nishi-ku	052-521-5311	052-522-5069
Nishi Ward Office, Yamada Branch (山田支所)	452-0815	358-2, Yasuji-cho, Nishi-ku	052-501-1311	052-503-3986
Nakamura Ward Office (中村区)	453-8501	1-23-1, Matsubara-cho, Nakamura-ku	052-483-8161	052-483-5137
Naka Ward Office (中区)	460-8447	1-8, Sakae 4-chome, Naka-ku	052-241-3601	052-261-0535
Showa Ward Office (昭和区)	466-8585	3-19, Ayuchi-tori, Showa-ku	052-731-1511	052-733-5534
Mizuho Ward Office (瑞穂区)	467-8531	3-32, Mizuho-tori, Mizuho-ku	052-841-1521	052-851-3317
Atsuta Ward Office (熱田区)	456-8501	1-15, Jingu 3-chome, Atsuta-ku	052-681-1431	052-682-1496
Nakagawa Ward Office (中川区)	454-8501	223, Takabata 1-chome, Nakagawa-ku	052-362-1111	052-363-4316
Nakagawa Ward Office, Tomida Branch (富田支所)	454-0985	215, Haruta 3-chome, Nakagawa-ku	052-301-8141	052-301-8657
Minato Ward Office (港区)	455-8520	12-20, Komei 1-chome, Minato-ku	052-651-3251	052-651-6179
Minato Ward Office, Nanyo Branch (南陽支所)	455-0873	1801, Harutano 3-chome, Minato-ku	052-301-8118	052-301-8399
Minami Ward Office (南区)	457-8508	3-10, Maehama-dori, Minami-ku	052-811-5161	052-811-6360
Moriyama Ward Office (守山区)	463-8510	3-1, Obata 1-chome, Moriyama-ku	052-793-3434	052-794-2256
Moriyama Ward Office, Shidami Branch (志段味支所)	463-0003	1-1401, Shimoshidami, Moriyama-ku	052-736-2000	052-736-4666
Midori Ward Office (緑区)	458-8585	15, Aoyama 2-chome, Midori-ku	052-621-2111	052-623-8191
Midori Ward Office, Tokushige Branch (徳重支所)	458-0852	401, Moto Tokushige 1-chome, Midori-ku	052-875-2202	052-878-3766
Meito Ward Office (名東区)	465-8508	50, Kamiyashiro 2-chome, Meito-ku	052-773-1111	052-778-3016
Tempaku Ward Office (天白区)	468-8510	201, Shimada 2-chome, Tempaku-ku	052-803-1111	052-801-0826



// Sentro ng Pangkalusugan (Health Center)(保健センター)

Oras ng Tanggapan: 8:45-17:15 sa Lunes-Biyernes **Sarado** :Sabado, Linggo, National Holiday at Dec 29-Jan 3
Punong Gawain

-Pamimigay ng Maternal and Child Health Handbook, Pagsusuri ng kalusugan ng mga sanggol, Pagsangguni ukol sa pag-aalaga ng бага
-Pagsusuri ng cancer, Pagsangguni ukol sa kalusugan, Paggawa ng hakbang sa nakakahawang sakit,
Pagsusuri ng AIDS, pag-isyu ng seal type vaccination ticket para sa mga pagbabakuna sa bata.
-Reklamo at Pagsangguni ukol sa pagkain, Pagpayag ng operasyon ng restaurant at iba pa, Pagtatala ng mga aso, Pagsangguni ukol sa kalinisan
sa tirahan tulad ng peste (pest) at pang-inom na tubig

Pangalan	Zip code	Tirahan	Tel	Fax
Chikusa Health Center(千種)	464-0841	103, Hoshigaoka yamate, Chikusa-ku	052-753-1951	052-751-3545
Higashi Health Center(東)	461-0003	7-74, Tsutsui 1-chome, Higashi-ku	052-934-1205	052-937-5145
Kita Health Center(北)	462-8522	17-1, Shimizu 4-chome, Kita-ku	052-917-6541	052-911-2343
Kusunoki Branch(楠分室)	462-0012	967, Kusunoki 2-chome, Kita-ku	052-902-6501	052-902-6502
Nishi Health Center(西)	451-8508	18-1, Hananoki 2-chome, Nishi-ku	052-523-4601	052-531-2000
Yamada Branch(山田分室)	452-0815	358-2, Yasuji-cho, Nishi-ku (Sa loob ng Yamada Branch)	052-504-2216	052-503-3986
Nakamura Health Center(中村)	453-8501	1-23-1, Matsubara-cho, Nakamura-ku	052-433-3005	052-483-1131
Naka Health Center(中)	460-8447	1-8, Sakae 4-chome, Naka-ku	052-265-2250	052-265-2259
Showa Health Center(昭和)	466-0027	3-19, Ayuchi-tori, Showa-ku	052-735-3950	052-731-0957
Mizuho Health Center(瑞穂)	467-0027	3-45-2, Tanabe Dori, Mizuho-ku	052-837-3241	052-837-3291
Atsuta Health Center(熱田)	456-0031	1-15, Jingu 3-chome, Atsuta-ku	052-683-9670	052-681-5169
Nakagawa Health Center(中川)	454-0911	1-223, Takabata, Nakagawa-ku	052-363-4455	052-361-2175
Tomida Branch(富田分室)	454-0985	3-215, Haruta, Nakagawa-ku	052-303-5321	052-303-5438
Minato Health Center(港)	455-0015	2-1, Koei 2-chome, Minato-ku	052-651-6471	052-651-5144
Nanyo Branch(南陽分室)	455-0873	1806, Harutano 3-chome, Minato-ku	052-302-8161	052-301-4674
Minami Health Center(南)	457-0833	5-1-1, Higashimatabe-cho, Minami-ku	052-614-2811	052-614-2818
Moriyama Health Center(守山)	463-0011	3-1, Obata 1-chome, Moriyama-ku	052-796-4610	052-796-0040
Shidami Branch(志段味分室)	463-0003	1-1401, Shimoshidami, Moriyama-ku	052-736-2023	052-736-2024
Midori Health Center(緑)	458-0033	715, Aibarago 1-chome, Midori-ku	052-891-1411	052-891-5110
Tokushige Branch(徳重分室)	458-0852	401, Moto Tokushige 1-chome, Midori-ku	052-878-2227	052-878-3373
Meito Health Center(名東)	465-8506	50, Kamiyashiro 2-chome, Meito-ku	052-778-3104	052-773-6212
Tempaku Health Center(天白)	468-8510	201, Shimada 2-chome, Tempaku-ku	052-807-3900	052-803-1251

// Nagoya Immigration Bureau

* **Sarado** :Sabado, Linggo, Pista Opisyal at Dec 29-Jan 3

〒455-8601 5-18, Shoho-cho, Minato-ku, Nagoya-shi 1 min kung lalakaran galing estasyon ng "Kohoku" ng Anonmi Line

○ **Immigration Information Center** Konsultasyon kaugnay sa proseso ng pagpasok sa bansa, proseso ng paninirahan (residence) atbp.

Konsultasyon sa telepono	E C K P F S V N at iba pang 8 lengguage Tel: 0570-013904 (Isa lamang ang numero sa buong bansa) Tel: 03-5796-7112 (PHS, IP Phone, International Call) Oras ng Opisina: 8:30-17:15
Konsultasyon sa counter	E C P S F Oras ng Opisina: 8:30-16:00

○ **Suporta sa residente / consultation counter (FRAT)** **E C K P S F V N** (mayroon din ibang lengguage)

Konsultasyon ukol sa indibidwal, partikular, o espesyal na pamamaraan ng immigration, maliban sa immigration, *Kailangan ng reserbasyon
mayroong konsultasyon sa pangkalahatang pamumuhay

Konsultasyon sa telepono	Tel: 0570-052259 (Reserbasyon:140#) Oras ng pagtanggap: 9:00~17:45
Counter	Nagoya Immigration Bureau 1st floor Oras ng pagtanggap: 8:30~16:00

// Holiday Emergency Clinic at iba pa

Pangalan ng klinika	Araw ng Paggamot	Department	Oras ng Opisina	Tel	Fax
Nagoya Medical Association Emergency Center	Linggo, National Holiday Dec 29-Jan 3	Ophthalmology Otorhinolaryngology	13:00-16:30	052-937-7821	052-937-7997
	Linggo, National Holiday Dec 29-Jan 3	Surgery	9:30-12:00 13:00-16:30		
	Lunes-Biyernes (Maliban sa National Holiday, Dec 29-Jan 3)	Internal Medicine Pediatrics (※1)	19:30- 6:00 Internal medicine lamang (※2) mula 19:30 hanggang 24:00		
	Sabado (Maliban sa National Holiday, Dec 29-Jan 3)		17:30- 6:00		
	Linggo, National Holiday Dec 29-Jan 3		13:00-16:30		
West Emergency Center para sa gabi ng pangkaraniwang araw (Nakagawa Ward Holiday Emergency Clinic)	Lunes-Biyernes (Maliban sa National Holiday, Dec 29-Jan 3)	Internal Medicine	20:30-23:30	052-361-7271	052-351-5112
South Emergency Center para sa gabi ng pangkaraniwang araw (Minami Ward Holiday Emergency Clinic)				052-611-0990	052-611-0981
East Emergency Center para sa gabi ng pangkaraniwang araw (Moriyama Ward Holiday Emergency Clinic)				052-795-0099	052-794-0099
Chikusa Ward Holiday Emergency Clinic	Linggo, National Holiday Dec 29-Jan 3	Internal Medicine Pediatrics	9:30-12:00 13:00-16:30	052-733-1191	052-731-3850
Kita Ward Holiday Emergency Clinic				052-915-5351	052-915-7854
Nishi Ward Holiday Emergency Clinic				052-531-2929	052-532-7525
Nakamura Ward Holiday Emergency Clinic				052-471-8311	052-481-9449
Showa Ward Holiday Emergency Clinic				052-763-3115	052-763-2058
Mizuho Ward Holiday Emergency Clinic				052-832-8001	052-832-8001
Atsuta Ward Holiday Emergency Clinic				052-682-7854	052-682-0953
Nakagawa Ward Holiday Emergency Clinic				052-361-7271	052-351-5112
Minato Ward Holiday Emergency Clinic				052-653-7878	052-661-7923
Minami Ward Holiday Emergency Clinic				052-611-0990	052-611-0981
Moriyama Ward Holiday Emergency Clinic				052-795-0099	052-794-0099
Midori Ward Holiday Emergency Clinic				052-892-1133	052-892-8491
Meito Ward Holiday Emergency Clinic				052-774-6631	052-776-7013
Tempaku Ward Holiday Emergency Clinic				052-801-0599	052-801-9791

Mangyari po lamang na tandaan na ang klinika na nakasaad sa itaas ay magsisimula ng paggagamot 30 minutos makalipas mula sa oras ng tanggapan.

(※1) Sa oras ng tanggapan na nakasaad sa ibaba ay nagsasagawa rin ng medikal na pagsusuri ang *Pediatrician* (espesyalistang doktor ng mga bata)
(Sabado) 17:30-23:00 (Linggo, National Holiday, Dec 29-Jan 3) 9:30-12:00, 13:00-16:30, 17:30-20:30

(※2) Kung nagnanais magpagamot ang mga batang pasyente sa internal medicine clinic lamang,
mangyaring siguraduhing tawagan ang tanggapan sa isinaad na oras.

Pangalan ng klinika	Araw ng Paggamot	Department	Oras ng Opisina	Tel	Fax
Nagoya North Dental/Health Medical Center	Linggo, National Holiday Dec 30-Jan 3	Dentistry	9:00-11:30	052-915-8844	052-915-8844
Nagoya South Dental/Health Medical Center			13:00-15:30	052-611-8044	052-825-4340

Mapa ng Subway



Impormasyon sa Lungsod ng Nagoya

Ang madetalyeng impormasyon ukol sa Lungsod ng Nagoya ay sa
 ■ Opisyal na website sa Lungsod ng Nagoya (Multilingual)
<https://www.city.nagoya.jp/>
 Maaari ring i-download ang booklet na ito.



■ Pagtatanong sa telepono, Fax, e-mail
 Nagoya Oshiete Dial (wikang Hapon)
 Tel: 052-953-7584, Fax: 052-971-4894
 E-mail: 7584@oshiete-dial.jp
 Oras ng Opisina: 8:00-21:00
 (Walang bakasyon sa buong taon.)

Issue Nagoya International Center
 E-mail: filipino@nic-nagoya.or.jp
 Tel: 052-581-0100 Fax: 052-571-4673
 Inilathala: Oktubre 2024
 Ang nakasaad sa booklet na ito ay impormasyon ng Abril 1, 2024.

Nakakatulong na mga aklat-patnubay
 Portal Site ng Suporta sa Buhay ng Dayuhan sa Ahensya ng Immigration (Multilingual)

Foreigner Life Support

website

-Aichi Handbook na ginawa ng Public Interest Incorporated Foundation, Aichi International Association

Aichi Handbook

website